Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-64 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA CASA REAL SHRINE, PASEO DEL CONGRESO, LIANG, LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-06 NG OKTUBRE, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 288-2023**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAGBATI AT MARINGAL NA PAGKILALA ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD AT BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, SA PAGDIRIWANG NG IKA-90 TAONG ANIBERSARYO NG PAGKAKATATAG NG PAMBANSANG KOMISYONG PANGKASAYSAYAN NG PILIPINAS (NATIONAL HISTORICAL COMMISSION OF THE PHILIPPINES).**

**ITINAGUYOD NI: KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
**AKDA NINA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE "AYEE" CHERYLL B. OPLE, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** ang Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas (National Historical Commission of the Philippines) ay isang ahensyang Pampamahalaan na may layunin na magpalaganap ng pamanang pangkasaysayan at pangkultura ng Pilipinas;

**SAPAGKAT,** kasama sa adhikain ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas ang pagpapalawig ng kamalayan at pagpapahalaga sa kasaysayan at kultura, gayundin ay muling pag-ibayuhin ang diwang Filipino sa pamamagitan ng mga aral ng kasaysayan;

**SAPAGKAT,** isa din sa mga pangunahing layunin ng Komisyong ito ay ang pagpapanatili at pagpreserba sa mga mahahalaga at makasaysayang mga pook at istraktura na may malaking ambag sa kasaysayan ng ating bansa;

**SAPAGKAT,** ang nasabing Komisyon, na nilikha noong Oktubre 23, 1933 sa bisa ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 451 s. 1933, ay nagdiriwang ng kanilang ika-90 Anibersaryong Pagkakatatag;

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Malolos, bilang Duyan ng Republika, ay labis na nagbibigay pagpapahalaga sa kasaysayan, kultura at mga dakilang pamana ng lahi ng ating pamayanan;

**SAPAGKAT,** sa diwang ito, ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay nakikiisa sa Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas sa kanilang pagdiriwang ng Ika-90 taong Anibersaryo;

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**DAHIL DITO,** sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Victorino M. Aldaba III** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay:

**IPINASYA,** gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na ipinahahayag ang taos-pusong pagbati at maringal na pagkilala ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Abgdo. Christian D. Natividad at bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Miguel Alberto T. Bautista, sa pagdiriwang ng Ika-90 taong Anibersaryo ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas.

**IPINASYA PA RIN,** na mabigyan ng sipi ng Kapasyahang ito ang Panglunsod na Tanggapan ng Sining, Kultura at Turismo at ang Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTIBAY.**

***KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10062023